



Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

CHED MEMORANDUM ORDER (CMO)

No. 54

Series of 200 7

SUBJECT : REVISED SYLLABI IN FILIPINO 1, 2, AND 3 UNDER THE NEW GENERAL EDUCATION CURRICULUM (GEC)

In accordance with the pertinent provisions of Republic Act (RA) No. 7722, otherwise known as the "Higher Education Act of 1994", and by virtue of CEB Resolution No. 606-2006 dated September 11, 2006 and in order to update the General Education Curriculum to make the same more responsive to the demands of the next millennium, the Commission approved the revised Syllabus of Filipino 1, Filipino 2, and Filipino 3 under CHED Memorandum Order No. 59, s. 1996, otherwise known as "New General Education Curriculum (GEC)".

The revised Syllabi of Filipino 1, 2, and 3 are hereby adopted and promulgated by the Commission for baccalaureate degree programs in Higher Education Institutions (HEIs) in the Philippines.

All issuances including but not limited to CMO No. 59 s. 1996 and/or any part thereof inconsistent herewith are deemed repealed or modified accordingly.

This CMO shall take effect starting 1st semester of SY 2008 – 2009, after publication in an official gazette or in a newspaper of general circulation.

For information and strict compliance.

Pasig City, Philippines November 5, 2007

For the Commission:


ROMULO L. NERI
Acting Chairman

Enclosures:

ANNEX 2a to CMO 59, S. 1996 - Filipino 1
ANNEX 2b to CMO 59, S. 1996 - Filipino 2
ANNEX 2c to CMO 59, S. 1996 - Filipino 3

ANNEX 2a to CMO 59, S. 1996

FILIPINO 1 Komunikasyon sa Akademikong Filipino

Bilang ng Kurso: Filipino 1

Pamagat ng Kurso: Komunikasyon sa Akademikong Filipino

Deskripsyon ng Kurso:

Ang Filipino 1 ay isang metalinggwistik na pag-aaral ng wikang Filipino. Nakatuon ito sa estruktura, gamit, katangian at kahalagahan ng wikang Filipino sa akademikong larangan. Sa lapit multidisiplinaryo at paraang interaktibo, inaasahang matutukoy at matatalakay ang mga pangunahing kaalaman sa wikang ito. Malilinig dito ang mga kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino tungo sa lalong mataas na komunikasyon at sa kritikal na pagdidiskurso.

Mga Layunin:

Sa kursong ito, ang mga estudyante ay inaasahang:

1. natutukoy ang mga pangkalahatang kaalaman at konsepto kaugnay ng metalinggwistik na pag-aaral ng wikang Filipino;
2. nalilinig ang lalong mataas na antas ng kasanayan sa akademikong komunikasyon: pagbasa – pakikinig at pagsulat - pagsasalita;
3. nakikilala ang iba't ibang diskurso sa wikang Filipino tungo sa pag-unawa at pagpapahalaga sa teksto at konteksto nito;
4. nailalapat ang mga kasanayang pangkomunikasyon sa pag-alam, pagtaya, at pagpapahalaga sa mga kaalaman at konseptong may kinalaman sa kultura at lipunang lokal at global.

Mga Nilalaman:

1. Oryentasyon sa Kurso
 - 1.1. Ang Filipino sa GEC
 - 1.2. Nilalaman
 - 1.3. Rekwayrment ng Kurso
 - 1.3.1. Pakikilahok (ulat, pangkatang gawain, at iba pa)
 - 1.3.2. Portfolio ng mga sulatin
 - 1.3.3. Mga pagsusulit
 - 1.3.4. Mga proyekto
 - 1.4. Sistema ng pagmamarka

2. Mga Batayang Kaalamang Metalinggwistik sa Pag-aaral ng Filipino

2.1 Mga Konseptong Pangwika

- 2.1.1. Wika, dayalek, idyolek at iba pa
- 2.1.2. Varayti at varyasyon: Heyografikal, sosyal at okupasyonal
- 2.1.3. Rejister: Disiplinal na kalikasan, gamit at estruktura
- 2.1.4. Domeyn at repertwang (repertoire) pangwika: Linggwistik na kaalaman at kasanayan

2.2 Mga Konseptong Pangkomunikasyon

- 2.2.1 Definisyon
- 2.2.2 Uri: verbal at di-verbal
- 2.2.3 Mga modelo
- 2.2.4 Tipo at antas
- 2.2.5 Gamit ng wika bilang koda ng komunikasyon

2.3 Mga Konseptong Pandiskurso

- 2.3.1 Kahulugan ng diskurso: Estruktural at fangksyunal
- 2.3.2 Pasalita at pasulat na diskurso: Pagkakaiba at pagkakaipareho
- 2.3.3 Teksto at konteksto ng diskurso
- 2.3.4 Mga teorya ng diskurso (hal. Speech Act Theory, Ethnography of Communication, Pragmatic Theory, Variationist Theory, at iba pa)

3. Wikang Filipino sa Akademikong Larangan

3.1 Filipino Bilang Wikang Pambansa

- 3.1.1. Definisyon ng Filipino (KWF)
- 3.1.2. Kasaysayan ng wikang Filipino
- 3.1.3. Katangian, tungkulin at gamit

3.2 Alfabeto at Ortografiang Filipino

- 3.2.1. Mga batayang prinsipyo ng alfabeto
- 3.2.2. Kalikasan ng leksikal ng korpus ng Filipino
- 3.2.3. Mga hakbang at paraan sa pagtutumbas
- 3.2.4. Mga tuntunin sa pagbaybay

3.3. Estruktura ng Wikang Filipino

- 3.3.1. Fonema, morfema at leksikon
- 3.3.2. Sintaks
 - 3.3.2.1. Parirala at sugnay: Kombinasyon, koordinasyon at subordinsyon
 - 3.3.2.2. Pangungusap: Anyo (hal. tambalan), tungkulin (hal. paturol), katangian (hal. retorikal at gramatikal) at fokus (hal. aktor)
 - 3.3.2.3. Periferal na estruktura: paraan ng pagpapahaba
 - 3.3.2.4. Morfofonemikong pagbabago

3.4 Akademik na Rejister ng Filipino

3.4.1. Kalikasan

3.4.2. Elaborasyon/Intelektwalisasyon: Hanguan at paraan

3.5 Mga Makrong Kasanayan sa Akademikong Komunikasyon

3.5.1 Pakikinig

3.5.1.1 Kahulugan, kalikasan at proseso

3.5.1.2 Salik na nakakaimpluwensya sa pakikinig

3.5.1.3 Katangian ng kritikal na pakikinig

3.5.1.4 Mga kasanayan

3.5.2 Pagsasalita

3.5.2.1 Kahulugan at silbi

3.5.2.2 Salik sa efektibong pagsasalita

3.5.2.3 Katangian ng mahusay na ispiker

3.5.2.4 Mga kasanayan

3.5.3 Pagbasa

3.5.3.1 Kahulugan, kalikasan at proseso

3.5.3.2 Uri batay sa layunin

3.5.3.3 Antas ng pang-unawa

3.5.3.4 Metakognitiv at kognitiv na estratehiya tungo sa kritikal na pagbasa

3.5.3.5 Mga kasanayan

3.5.4 Pagsulat

3.5.4.1 Kahulugan, kalikasan at proseso

3.5.4.2 Uri at anyo ayon sa layunin

3.5.4.3 Hulwaran ng organisasyon ng teksto

3.5.4.4 Analitikal at kritikal na pagsulat

3.5.4.5 Mga kasanayan

3.5.5 Ugnayan ng mga Kasanayang Pangwika

3.6 Sintesis

ANNEX 2b to CMO 59, S. 1996

FILIPINO 2 PAGBASA AT PAGSULAT TUNGO SA PANANALIKSIK

Bilang ng Kurso: Filipino 2

Pamagat ng Kurso: PAGBASA AT PAGSULAT TUNGO SA PANANALIKSIK

Deskripsyon ng Kurso:

Ang Filipino 2 ay higit na pagpapalawak ng kaalaman at lalo pang pagpapataas ng antas ng kasanayan sa kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Mga Layunin:

Sa kursong ito, ang mga estudyante ay inaasahang:

1. naipakikita ang higit na mataas na kakayahang pangkomunikasyon sa akademik na rejister ng Filipino sa mga makrong kasanayan;
2. nagagamit ang mga kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa na nakatuon sa teksto at konteksto ng mga diskurso sa iba't ibang disiplina;
3. natutukoy ang mga hakbang sa pananaliksik; at
4. nagagamit nang mahusay ang Filipino sa pagbuo ng isang sulating pananaliksik.

Mga Nilalaman:

1. Oryentasyon sa Kurso
 - 1.1. Revyu ng Filipino 1
 - 1.1.1. Karaniwan vs. akademikong Filipino
 - 1.1.2. Mga rejister na akademik at profesyonal
 - 1.2. Deskripsyon, layunin at nilalaman ng Filipino 2
 - 1.3. Rekwayrment ng Kurso
 - 1.3.1. Pakikilahok (ulat, pangkatang gawain at iba pa)
 - 1.3.2. Mga pagsusulit
 - 1.3.3. Portfolio ng pasulat na gawain
 - 1.3.4. Maikling sulating pananaliksik
 - 1.4. Sistema ng Pagmamarka
2. Mga Kaalaman, Prinsipyo at Konsepto sa Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina

2.1 Katangian ng mga Teksto at Rejister sa Iba't Ibang Disiplina

2.1.1 Mga Uri at Anyo ng Teksto

- 2.1.1.1 Agham Panlipunan (hal. Kasaysayan, Ekonomiks at Politika, Batas)
- 2.1.1.2 Humanidades (hal. Sining, Literatura)
- 2.1.1.3 Agham, Teknolohiya at Matematika (hal. Inhenyeriya, Matematika, Kemistri, Medisina)

2.1.2 Pagkakaiba at Pagkakatulad ng mga Rejister

2.2 Pagdulog sa Pag-unawa ng mga Teksto sa Iba't Ibang Disiplina

- 2.2.1 Prosesong sikolohikal ng pagbasa
- 2.2.2 Interaktibong proseso ng pagbasa
- 2.2.3 Metakognitiv na pagbasa

2.3 Mga Hulwarang Organisasyon ng Teksto

- 2.3.1 Definisyon
- 2.3.2 Pag-iisa-isa (enumerasyon)
- 2.3.3 Pagsusunod-sunod (order): Sekwensyal, kronolohikal at prosidyural
- 2.3.4 Paghahambing at pagkokontrast
- 2.3.5 Problema at solusyon
- 2.3.6 Sanhi at bunga

2.4 Kasanayan sa Pagbasa ng mga Tekstong Akademiko

- 2.4.1 Pag-uuri ng mga ideya/detalye
- 2.4.2 Pagtukoy sa layunin ng teksto
- 2.4.3 Pagtiyak sa damdamin, tono at pananaw ng teksto
- 2.4.4 Pagkilala sa pagkakaiba sa opinyon at/o katotohanan
- 2.4.5 Pagsusuri kung valid o hindi ang ideya o pananaw
- 2.4.6 Paghinuha at paghula sa kalalabasan ng pangyayari
- 2.4.7 Pagbuo ng lagom at kongklusyon
- 2.4.8 Pagbibigay-interpretasyon sa mapa, tsart, grap at talahayanan
- 2.4.9 Iba pa

3. Mga Sanligan sa Pagsulat sa sa Iba't Ibang Disiplina

3.1 Mga Elemento

- 3.1.1 Paksa
- 3.1.2 Layunin
- 3.1.3 Audience
- 3.1.4 Wika

3.2 Proseso sa Pagsulat

- 3.2.1 Bago sumulat
- 3.2.2 Habang sumusulat

3.2.3 Pagkatapos sumulat

3.3 Mga Bahagi ng Teksto

3.3.1 Panimula

3.3.2 Katawan

3.3.3 Wakas

3.4 Apat na Pangunahing Paraan ng Pagpapahayag

3.4.1 Pagsasalaysay

3.4.2 Paglalarawan

3.4.3 Paglalahad

3.4.4 Pangangatuwiran

4. Pananaliksik

4.1 Pangunahing Kaalaman

4.1.1 Layunin, kahalagahan at katangian ng pananaliksik

4.1.2 Etika ng mananaliksik

4.2 Mga Hakbang at Kasanayan sa Pagsulat ng Sulating Pananaliksik

4.2.1 Pagtukoy at paglilimita ng paksa

4.2.2 Pagbuo ng konseptong papel (plano ng gagawing pananaliksik)

4.2.2.1 Rasyonal (bakit ito ang gagawing pananaliksik?)

4.2.2.2 Layunin (ano ang inaasahang matatamo?)

4.2.2.3 Pamamaraan (paano isasagawa ang pananaliksik?)

4.2.3 Tentatibong bibliografi

4.2.4 Pagbuo ng tentatibong balangkas

4.2.5 Pangangalap ng mga datos

4.2.5.1 Aklatan

4.2.5.2 Internet

4.2.5.3 Field (Interbyu, pagmamasid, panonood, atbp.)

4.2.6 Paggamit at pagsasayos ng mga datos

4.2.6.1 Direktang sipi

4.2.6.2 Sinopsis (buod)

4.2.6.3 Prese (*precis*)

4.2.6.4 Parapreys (hawig)

4.2.6.5 Abstrak

4.2.6.6 Sintesis

4.2.6.7 Pagsasalin sa Filipino ng mga sipi

4.2.7 Pagbuo ng final na balangkas

4.2.8 Paggamit ng iba't ibang sistema ng dokumentasyon

4.2.8.1 Talababa-bibliografiya

4.2.8.2 Parentetikal-sanggunian

4.2.9 Pagsulat ng draft

4.2.10 Pagsulat ng final na sipi

4.3 Presentasyon sa Klase ng Sulating Pananaliksik

FILIPINO 3
Masining na Pagpapahayag

Bilang ng Kurso: Filipino 3

Pamagat ng Kurso: Masining na Pagpapahayag

Deskripsyon ng Kurso:

Ang Filipino 3 ay pag-aaral ng mga prinsipyo at proseso ng masining na pagpapahayag sa Filipino. Nakatuon ito sa malayang pagtuklas at pagpapakita ng kakayahan at kahusayan sa pagdidiskursong pasulat at pasalita tungkol sa mga paksang pangkomunidad, pambansa at pandaigdig.

Prerekwisit ng Kurso: Kailangang naipasa na ang alinman sa Filipino 1 o Filipino 2.

Mga Layunin:

Sa kursong ito, inaasahang ang bawat estudyante ay:

1. natatalakay ang kalikasan, simulain at mga estratehiyang panretorika;
2. nagagamit ang angkop na repertwa (repertoire) ng wika sa pagpapahayag ng kaalaman, karanasan at saloobin;
3. nasusuri ang estilo ng mga modelong akda tungo sa maláy na pagbuo ng sariling estilo sa pagsulat;
4. nakasusulat ang iba't ibang sanaysay at kontemporaryong anyo ng sulatin na nagpapahayag ng pananaw na sarili, lokal at global; at
5. nakikritik ang sariling likha, gayundin ang awtput ng iba.

Nilalaman ng Kurso:

1. Oryentasyon sa Kurso

- 1.1 Deskripsyon, layunin, at nilalaman ng Filipino 3
- 1.2 Rekwairment ng Kurso
 - 1.2.1 Aktibo at makabuluhang partisipasyon sa klase
 - 1.2.2 Pasalitang pagpapahayag / pagsusulat / komposisyon
 - 1.2.3 Pagsulat ng jurnal/talaarawan
 - 1.2.4 Awtpat mula sa Worksyp 1 at 2
- 1.3 Sistema ng Pagmamarka

2. Retorika

- 2.1 Definisyong ng retorika: Klasiko/kontemporaryo

2.2 Mga elemento

- 2.2.1 paksa
- 2.2.2 kaayusan ng mga bahagi
- 2.2.3 estilo
- 2.2.4 *shared knowledge* ng manunulat at audience
- 2.2.5 paglilipat ng mensahe (pasulat o pasalita)

2.3 Ilang katangian

- 2.3.1 Kasiningan na paglalahad (pasulat o pasalita)
- 2.3.2 Kapangyarihang magbigay-saya o lugod
- 2.3.3 Mapagkunwari o mapagmalabis na paggamit ng wika
- 2.3.4 Kasiningan ng tuluyan (prosa) na kaiba sa panulaan (poesiya)
- 2.3.5 Kaangkupan at katiyakan sa paggamit ng wika sa pagpapahayag

2.4 Mga simulain

3. Gramatika

- 3.1 Kaayusan ng mga pangungusap: Parirala, sugnay, atbp.
- 3.2 Relasyon ng mga ideya
- 3.3 Paggamit ng *rhetorical devices* o transisyonal na pananalita

4. Estilo

4.1 Kalikasan

- 4.1.1 Kahulugan ng estilo
- 4.1.2 Katangian – linaw, puwersa, kagandahan, katapatan, karakter, may dating

4.2 Kakanyahan at kapangyarihan ng wika

Kahulugan ng salita/pahayag: Tekstwal at kontekstwal

4.3 Uri at anyo ng gamit

- 4.3.1 May dignidad at seryoso ang tono, pino, mahigpit ang anyo o umaayon sa tuntuning gramatikal
- 4.3.2 Personal, puno ng kolokyalismo, islang/bulgar, kaswal, di elegante
- 4.3.3 Matalinghaga/idyomatik

5. Pasalita at Pasulat na Diskurso: Nilalaman at Anyo

5.1 Pagkakaiba ng pasalita sa pasulat na diskurso – base sa punto de vista ng balangkas ng teksto

5.2 Paglinang sa ideya

- 5.2.1 Paksa
- 5.2.2 Layunin
- 5.2.3 Pagsasawika ng ideya
- 5.2.4 Audience

5.3 Organisasyon ng diskursong pasalita o pasulat

- 5.3.1 Kaisahan
- 5.3.2 Ugnayan
 - 5.3.2.1 lohika
 - 5.3.2.2 panahon
 - 5.3.2.3 espasyo
- 5.3.3 Tuon
 - 5.3.3.1 posisyon
 - 5.3.3.2 proporsyon
 - 5.3.3.3 pag-uulit ng salita at tunog

5.4 Mga diskursong personal

- 5.4.1 talaarawan
- 5.4.2 jornal
- 5.4.3 awtobiyografiya
- 5.4.4 refleksyon

5.5 Mga diskursong ekspositori at argyumentativ

- 5.5.1 komposisyon mula sa intervyu
- 5.5.2 komposisyong nagpapaliwanag ng kahulugan
- 5.5.3 artikulong pampamamahayag
- 5.5.4 artikulong may *human interest*

6. Pagbasa ng mga Piling Akda

- 6.1 Kaakuhan sa mga akda
- 6.2 Ako, bilang tinig ng karamihan
- 6.3 Ang panulat na panlokal at pambansa
- 6.4 Ang daigdig sa mga panulat

7. Worksyap 1

Patnubay sa Pagsasagawa ng Worksyap

7.1 Bago sumulat

- 7.1.1 Paglinang ng ideya/pagtuklas ng paksa
- 7.1.2 Pagtiyak sa mambabasa, layunin, tono
- 7.1.3 Pagpapalano sa pagsulat/organisasyon ng teksto (pagtiyak sa forma ng isusulat)

7.2 Habang sumusulat

- 7.2.1 Pagpapahayag ng tiyak na tesis na may pagsasaalang-alang sa layunin ng sulatin, tono at estilo para sa mambabasa
- 7.2.2 Pagsulat ng introduksyon, nilalaman at kongklusyon

7.3 Pagkasulat

- 7.3.1 Revisyon ng mga draft
- 7.3.2 Editing ng final na draft na may pagwawasto sa grammar, estruktura ng pangungusap at paralelismo, gayundin sa ispelang, bantas

7.3.3 Muling pagsulat fokus sa nilalaman, organisasyon, kalinawan at estilo

7.4 Pagkikritik ng komposisyon

7.4.1 Bilang manunulat

7.4.1.1 Pagsusuri at pagtiyak sa mambabasa o *audience*

Isinaalang-alang ko ba ang kanilang interes?

Sinisindak ko ba sila sa paggamit ng mga salita o konseptong mahirap unawain?

Angkop ba ang lenggwaheng ginamit ko?

Salungat ba ang paniniwala ko sa mambabasa?

May kaisahan ba ang kaisipang tinalakay ko sa una hanggang wakas?

7.4.1.2 Pagsusuri at pagtiyak sa mga layunin ng manunulat

Ano ang aking layunin sa pagsulat – informasyon, paliwanag, libangan o pagtulak sa pagkilos nila?

Ano ang tugong nais ko sa mga mambabasa?

7.4.1.3 Pagpili ng persona/punto de vista/perspektiv

Kapani-paniwala ba ang pagkakatatag ko sa aking sarili sa aking sulatin?

Makatuwiran ba ang aking sinasabi o isang pagmamalabis?

Konsistent ba ako sa ginamit na punto de vista?

Formal ba o di formal ang tono ko?

Anong emosyon ang napararating ko sa mambabasa?

Paano ko naiparating ang aking tinig?

7.4.1.4 Pagpili ng mensahe

Ano ang sinabi ko sa paksang pinili ko?

Paano ko ito naihatid?

7.4.2 Bilang mambabasa

7.4.2.1 Pagsusuri at pagtiyak sa mambabasa o audience

Napukaw ba ang interes ko sa binasa?

Akma ba ang mga salita/pangungusap na ginamit sa pagpapaliwanag sa mga konseptong nais ihatid?

Angkop ba ang lenggwaheng ginamit ng manunulat?

Salungat ba ang paniniwala ng manunulat sa mambabasa?

May kaisahan ba ang kaisipang tinalakay mula una hanggang wakas?

7.4.2.2 Pagsusuri at pagtiyak sa layunin ng manunulat

Ano ang layunin ng manunulat sa pagsulat – informasyon, paliwanag, libangan o pagtulak sa pagkilos nila?

Ano ang tugong nais niya mula sa mga mambabasa?

7.4.2.3 Pagpili ng persona/punto de vista/perspektiv

Kapani-paniwala ba ang pagkakatatag sa sarili ng manunulat sa kanyang sulatin?

Makatuwiran ba ang kanyang sinasabi o isang pagmamalabis?

Konsistent ba siya sa ginamit na punto de vista?

Formal ba o di formal ang tonong ginamit ng manunulat?

Anong emosyon ang napararating niya sa mambabasa?

Paano niya naiparating ang kanyang tinig?

7.5 Pagsulat ng mga personal na sanaysay, awtobiyografiya, refleksyon

8. Worksyap 2

8.1 Pagsulat ng mga kontemporaryong anyo ng sulatin

8.1.1 salaysay

8.1.2 anekdota

8.1.3 malikhaing di fiksyon

8.1.4 popularisasyon ng mga ulat mula sa iba't ibang larangan

8.2 Pagrebyu ng sulatin na nagsasaalang-alang sa mga elemento ng masining na pagsulat at paglinang ng sariling estilo

8.2.1 Pagpili ng makatawag-pansing pamagat

8.2.2 Paglikha ng mabisang pambungad

8.2.3 Pagbalik-aral sa estruktura/balangkas ng sulatin

8.2.4 Pagsulat sa estilong kongkreto at espisifiko

8.2.5 Pag-iwas sa mga salitang *politically incorrect* katulad ng may kinalaman sa lipi o lahi/kasarian/gulang/kapansanan/katayuang panlipunan/atbp.

8.2.6 Pag-iwas sa mga salita/parirala/pahayag na gasgas o luma

8.2.7 Paggamit ng talinghaga